# NGAYONG PANDEMIC, ESKWELAHAN KO BAHAY NAMIN, MAGULANG KO GURO KO

*by:*
**Margie S. Junio**

Noong nagkaroon ng pandemic, nagdulot ito ng malaking problema lalo na sa mga estudyante . Ipinasara ang mga paaralan para maiwasan ang pagkalat ng virus,at mapanatiling ligtasang ating mga guro at estudyante. Pero hindi ito nagging hadlang sa mga estudyante para hindi nila mapagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Ipinatupad ng DepEd ang pagkakaroon ng distansiyang pagtuturo sa mga bata, katulad ng pagbibigay ng modyul, online class at iba pa.

Ang paaralan ang pangalawang tahan ng bawat mag-aaral, kung saan dito isinasagawa ang kanilang pagkatuto sa tulong at paggabay ng kanilang mga guro. Ngunit alam natin lahat na an gating tahanan ay siyang unang lugar kung saan tayo natuto gumapang, maglakas, tumakbo, magsalita, magsulat at iba pa. Ngayong pandemya ay tanging sariling bahay ang nagsisilbing paaralan ng bawat estudyante.May ilan lamang pagbabago ang nangyari noong tayo ay magsimulang mag-aral sa bahay, katulad ng hawak ng mag-aaral ang kaniyang oras kung kalian siya magsasagot ng modyul, wala ring guro na magbabantay sa kaniya, hindi na rin kailangan gumising ng maaga at magsuot ng uniporme pagpasok sa eskwela.

Ang guro ay siyang pangalawang magulang ng mga mag-aaral na gumagabay at tumutulong sa atin para tayo ay matututo, ngayon ay hindi natin pwedeng makasama, malapitan o matanungan sa malapitan, dahil ang tahanan na natin ang nagsisilbing paaralan. Walang gurong magbabawal sa mali mong ginagawa, walang gurong susubaybay sayong pag-aaral, walang magpapaliwanag ng inyong aralin na hindi mo naiintindihan, walang magtsitsek kung ikaw ay pumasok o lumiban sa klase. Ngunit

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan



depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

andito sa ating tahanan ang ating mga magulang na siyang unang nagturo sa atin bago lumawak ang iyong kaalamaan sa eskwelahan.

Ating magulang,ang nagsilbing guro natin ngayon. Katulad ng isang tunay na guro ang magulang mo ay sumusuporta sayo, itatama ang mali mong gawain at tutulungan ka para m,aintindihan ang iyong aralin. Malaki ang tungkulin ng bawat magulang lalo na ngayong pandemic bukod sa sila ay nanay at tatay mo sa bahay, sa oras ng iyong pag-aaral sila ay nagiging guro.

Bilang isang magaaral sa tahanan hindi dapat tayo umasa lagi sa ating magulang, matuto tayong gumawa ng paraan para tayo ay matuto at huwag natin hayaan na sila ang magsagot ng mga modyul na dapat ay tayo ang gumagawa. Sundin ang kanilang bilin katulad ng pagsunod mo sa iyong guro sa eskwelahan. Ipikata natin sa ating magulang na hindi sila nagkamali na tayo ay pag-aralin, hindi masasayang ang kanilang pagod para lang tayo ay makapagtapos ng pag-aaral. Gawin natin ng masigla at may saya ang mga gawain na ibinigay sa atin n gating guro. At huwag mahihiyang magtanong sa nakakatanda kung hindi alam ang leksyon.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

13249130.pdf (docshare.tips)
Pag-aaral mula sa bahay: Impormasyon para sa mga magulang at mga tagapag-alaga - Filipino